



 MATATAG K to 10 Kurikulum Lingguhang Aralin	Paaralan:		Baitang:	3
	Pangalan ng Guro:		Asignatura:	Makabansa
	Petsa at Oras ng Pagtuturo:	SEPTEMBER 8 - 12, 2025 (WEEK 3)	Markahan at Linggo:	Ikalawang Markahan

	UNANG ARAW	IKALAWANG ARAW	IKATLONG ARAW	IKAAPAT NA ARAW
I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM				
<i>A. Pamantayan Pangnilalaman</i>	Nauunawaan ang mayamang sining at kultura ng mas malawak na komunidad.			
<i>B. Pamantayang Pagganap</i>	Nakagagawa ng likhang-sining na nagpapakita ng pagkakakilanlang kultural.			
<i>C. Mga Kasanayang Pampagkatuto</i>	Natatalakay ang kahulugan ng pagkakakilanlan at sagisag ng kinabibilangang komunidad tulad ng himno, coat of arms, bayaning lokal at iba pa.			
<i>D. Mga Layunin</i>	Natutukoy ang mga natatanging katangian ng sariling bayan/lungsod, lalawigan o rehiyon. Naipahahayag ang kahalagahan ng pagkakaroon ng pagkakakilanlan bilang isang bayan/lungsod, lalawigan o rehiyon.	Nailalarawan ang tradisyon ng kinabibilangang bayan/lungsod, lalawigan o rehiyon sa pamamagitan ng role-play. Nakapagbabahagi ng kuwento tungkol sa kinabibilangang bayan/lungsod, lalawigan o rehiyon.	Natutukoy ang mga simbolo sa <i>coat of arms</i> ng kanilang bayan/lungsod, lalawigan o rehiyon. Naipaliliwanag ang kahulugan ng mga simbolo.	Nakagagawa ng isang <i>coat of arms</i> para sa kaniyang sarili, pamilya, o grupong kinabibilangan. Nakapagbabahagi ng kuwento hinggil sa ginawang <i>coat of arms</i>.
II. NILALAMAN/PAKSA	Ang Pagkakakilanlan ng Aking Komunidad	Ang Tradisyon ng Aking Komunidad	Ang <i>Coat of Arms</i> ng Aking Komunidad	Ang Aming <i>Coat of Arms</i>
III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO				
<i>A. Mga Sanggunian</i>				

<i>B. Iba pang Kagamitan</i>	<i>Larawan ng mga komunidad (urban, rural, coastal)</i>	<i>Larawan ng mga komunidad (urban, rural, coastal)</i>	<i>Ang Coat of Arms o Seal ng kinabibilangang komunidad</i>	<i>Ang Coat of Arms o Seal ng kinabibilangang komunidad</i>
IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO				
Bago Ituro ang Aralin				

Panimulang Gawain	Ipakita: Magpakita ng iba't ibang larawan ng mga komunidad (<i>urban, rural, coastal</i>). Pamprosesong tanong: 1. Ano ang mga nakikita ninyo sa mga larawan? 2. Ano ang pagkakaiba-iba ng mga komunidad na ito?  	Balik-aral: Itanong: 1. Saan kilala ang iyong bayan/lungsod, lalawigan o rehiyon? 2. Ano ang mga katangian ng iyong bayan/lungsod, lalawigan o rehiyon?	Ipagawa: Ipakita ang mga sumusunod na larawan. Tukuyin ang pangalan ng produkto na ipinapakita sa larawan. 1.  2.  3. 	Balik-aral: 1. Ano ang <i>coat of arms</i>? 2. Ano-anong mga sagisag ang nakita sa <i>coat of arms</i> ng ating bayan/lungsod, lalawigan o rehiyon?
--------------------------	---	--	--	--



4.



5.



6.



7.



8.



			9.  10. 	
Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin	Ibibigay ng guro ang layunin ng aralin. Ang layunin ng ating aralin ay: Natutukoy ang mga natatanging katangian ng sariling bayan/lungsod, lalawigan o rehiyon. Naipahahayag ang kahalagahan ng pagkakaroon ng pagkakakilanlan bilang isang bayan/lungsod, lalawigan o rehiyon.	Ibibigay ng guro ang layunin ng aralin. Ang layunin ng ating aralin ay: Nailalarawan ang tradisyon ng kinabibilangang bayan/lungsod, lalawigan o rehiyon. sa pamamagitan ng role- play. Nakapagbabahagi ng kuwento tungkol sa kinabibilangang bayan/lungsod, lalawigan o rehiyon.	Ibibigay ng guro ang layunin ng aralin. Ang layunin ng ating aralin ay: Natutukoy ang mga simbolo sa <i>coat of arms</i> ng kanilang bayan/lungsod, lalawigan o rehiyon.. Naipaliliwanag ang kahulugan ng mga simbolo.	Ibibigay ng guro ang layunin ng aralin. Ang layunin ng ating aralin ay: Nakaguguhit ng isang <i>coat of arms</i>. Nakapagbabahagi ng kuwento hinggil sa ginawang <i>coat of arms</i>.

Gawaing Pag-unawa sa mga Susing Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto sa Aralin	Ipakikilala ng guro ang sumusunod na salita at gagamitin niya ang mga ito sa pangungusap. <i>Ang pagkakakilanlan ay ang pakiramdam at pagkakakilala ng pagiging sarili. Ito ay ang paraan kung paano natin nakikita ang ating sarili at kung paano tayo nakikita ng iba.</i> <i>Ang pagkakakilanlan ay maaaring maimpluwensiyahan ng iba't ibang mga bagay, tulad ng kultura, kasarian, edad, at karanasan.</i> Nagpapanday - humuhubog		Ipakikilala ng guro ang sumusunod na salita at gagamitin niya ang mga ito sa pangungusap. <i>Ang coat of arms ay isang simbolo na ginagamit ng mga indibidwal, pamilya, o organisasyon upang kumatawan sa kanilang pagkakakilanlan. Ito ay karaniwang binubuo ng mga kalasag, helmet, motto, puno, ilog, gusali, at iba pang mga elemento.</i>	
Habang Itinuturo ang Aralin				
Pagbasa sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya	Basahin: Ang Aking Komunidad Sa isang maliit na komunidad na napalilibutan ng mga luntiang palayan, naninirahan ang masisipag na mga magsasaka. Ang kanilang buhay ay umiikot sa pagtanim at pag-aani ng palay at mga gulay. Tuwing umaga, maririnig	Ipagawa: Ipakita ang larawan.  Batay sa larawan, magbigay ng mga salitang may kaugnayan rito.	Ipakita: 	Pangkatang gawain: 1. Hatiin sa apat na grupo ang klase. 2. Ipaliwanag ang gagawin ng mga mag- aaral na <i>coat of arms</i>. 3. Sabihing kukulayan nila ito gamit ang kanilang krayola. Gagamitin ang rubrik na nakalakip dito. 4. Sabihin din na gagawa sila ng paliwanag hinggil sa kanilang

	ang kanilang mga tawanan habang nagtutulungan sa pagbungkal ng lupa. Sa hapon naman, habang nagpapahinga sa kanilang mga bahay kubo, sila ay nagsasama-sama upang magkuwentuhan at mag-awitan ng mga kundiman. Ang kanilang mga damit ay gawa sa abaka, na angkop sa mainit na panahon. Pamprosesong tanong: 1. Ano ang mga nabanggit na katangian ng komunidad? 2. Anong komunidad ang inilalarawan sa teksto? 3. Naranasan na rin ba ninyong manirahan o mabisita ang ganitong klaseng komunidad? Ilarawan ang inyong karanasan.	Pamprosesong tanong: 1. Ano ang ipinapakita ng larawan? 2. Ano-ano ang mga gawain na ipinapakita rito? 3. Naranasan na ba ninyo ito sa inyong bayan/lungsod, lalawigan o rehiyon? 4. Ano-ano pa ang mga tradisyon na inyong ginagawa na kilala sa inyong bayan/lungsod, lalawigan o rehiyon?	Pamprosesong tanong: Ano-anong mga bagay ang nakikita ninyo sa larawan? Basahin: <i>Ang seal o coat of arms</i> ng Lungsod ng Pasig ay naglalaman ng ilang mga simbolo. Pinaghalong katotohanan at kathang-isip ang makikita sa <i>seal</i>. Narito ang apat na pangunahing simbolo sa seal ng Lungsod ng Pasig. 1. Ang babae sa gitna ng logo ay kumakatawan sa mutya ng Pasig, ang idealismo ng persepsiyon sa lahat ng aspekto na nagpapakita ng katapatan, kabutihan, at karangalan ng Lungsod ng Pasig. 2. Ang katawan ng tubig sa magkabila ng babae ay isang pahiwatig ng ilog Pasig na nag-uugnay sa dalawang katawan ng tubig, ang Laguna de Bay at Manila Bay na kapuwa mga lawa. 3. Isa pang bahagi ng seal ay ang <i>graphical representation</i> ng mga industriya at komersiyal na	ginawa. 5. Ipaalala na magkakaroon ng pagbabahagi kaya dapat na magtalaga sila ng tagapagbahagi. Tala sa guro: Tiyaking may sapat na oras para sa presentasyon. Ang gawaing ito ang gagamitin sa pagtataya.
--	---	---	---	--

			establisimyento na nagpapakita ng mga palatandaan ng pag- unlad ng lungsod. 4. Panghuling simbolo ay ang simbahan ng <i>Immaculate Conception Parish Church</i>. Tala para sa guro: Gamitin sa pagtalakay ang sariling <i>coat of arms</i> ng kinabibilangang bayan/lungsod, lalawigan o rehiyon?	
--	--	--	---	--

Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya	Talakayin: Ang pagkakakilanlan ng komunidad ay tumutukoy sa mga natatanging katangian, kaugalian, tradisyon, at mga aspekto ng pamumuhay na nagbibigay ng pagkakaiba at personalidad sa isang komunidad. Narito ang mga halimbawa ng mga aspektong nagbibigay ng pagkakakilanlan ng isang komunidad: 1. Kultura at tradisyon – kabilang dito ang wika, kasuotan, pagkain, sining, at mga selebrasyon o kapistahan	Talakayin: Isang aspekto ng pagkakakilanlan ng komunidad ay mga natatanging tradisyon at selebrasyon na hinubog ng panahon at nagpasalin-salin sa bawat henerasyon. Isang halimbawa ay ang kapistahan. Ito ay pagdiriwang o selebrasyong isinasagawa sa komunidad upang gunitain ang iba't ibang okasyon, tradisyon, o kapistahan ng patron. Karaniwan itong ginagawa isang beses sa isang taon at may mga kaugnay na gawain tulad ng prusisyon, misa, parada,	Talakayin: Ang <i>coat of arms</i> ay isang mahalagang simbolo sa isang komunidad dahil nagsisilbing pagkakakilanlan at representasyon nito. Narito ang ilang dahilan kung bakit ito mahalaga: 1. Ang <i>coat of arms</i> ay madalas na naglalaman ng mga simbolo na kumakatawan sa kasaysayan at tradisyon ng isang komunidad. Ito ay nagsisilbing isang visual na talaan ng mga pangyayari, mga tao, at mga bagay na nagpabuo sa kanilang pagkakakilanlan.	Tala sa guro: Ang bahaging ito ay gagamitin sa paggawa ng gawain.
---	--	--	---	--

	2. Simbahan o Relihiyon – madalas na sentro ng buhay na tumutukoy sa mga relihiyosong gawain, simbahan, o kapilya para sa sama-samang pagdarasal at mga gawaing nagpapalakas ng espiritwal na pangangailangan. 3. Uri ng pamumuhay – Halimbawa, ang mga komunidad na umaasa sa agrikultura, pangingisda, o industriya at mga produktong nililikha. 4. Estruktura – nakikilala ang isang komunidad batay sa mga estrukturang nakatayo. 5. Kasaysayan at pamana – ito ay nagbibigay ng malalim na ugnayan ng pagkakakilanlan ng isang komunidad. Ang nakaraang karanasan, tagumpay at pagsibol ay	sayawan, palaro, at handaan.	2. Ang isang <i>coat of arms</i> ay nagbubuklod sa mga miyembro ng isang komunidad sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng isang karaniwang simbolo na kanilang maipagmamalaki. Ito ay nagpapalakas ng pakiramdam ng pagkakaisa at pag- aari. 3. Ang <i>coat of arms</i> ay nagpapakilala sa isang komunidad sa iba pang mga komunidad at sa buong mundo. Ito ay nagsisilbing isang natatanging marka na nagpapakilala sa kanilang mga katangian at mga pinahahalagahan. 4. Ang mga simbolo sa isang <i>coat of arms</i> ay madalas na nagpapahayag ng mga halaga at paniniwala ng isang kultura. Sa pamamagitan ng pag-iingat at pagpapasa ng <i>coat of arms</i> sa mga susunod na henerasyon. Ang kultura ng isang komunidad ay nabubuhay at	
--	---	------------------------------	--	--

	nagsisilbing inspirasyon at pamana na patuloy na nagpapanday sa kanilang hinaharap.		napahahalagahan. 5. Ang isang natatanging <i>coat of arms</i> ay maaaring maging isang atraksiyon sa mga turista. Ito ay maaaring mag-ambag sa paglago ng turismo at ekonomiya ng isang lugar. Tala sa guro: Iprosesong mabuti ang mga sagot ng mga mag- aaral.	
Pagpapalalim ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya	Ipagawa: Gawin ang sumusunod na gawain: Tukuyin ang pagkakakilanlan ng iyong kinabibilangang bayan/lungsod, lalawigan o rehiyon. Isulat ang katangian nito batay sa mga sumusunod na aspekto: 1. Pangalan _____ 2. Heograpikal na lokasyon _ 3. Mga wikang ginagamit _____ 4. Mga tradisyon at selebrasyon _____ 5. Mga estrukturang nakatayo _____ 6. Relihiyon _____ 7. Uri ng pamumuhay ng tao _____	Sabihin: Maliban sa mga selebrasyon o kapistahan, may iba't iba pang mga tradisyon na higit na nagpapakita ng pagkakakilanlan ng isang bayan/lungsod, lalawigan o rehiyon katulad ng paniniwala, pag-uugali, mga kuwentong bayan, at iba pa. Ipagawa: Hatiin ang mga mag-aaral sa apat na grupo. Ang bawat grupo ay mag-iisip ng isang kaugalian, paniniwala, o tradisyon na ginagawa sa kanilang bayan/lungsod, lalawigan o rehiyon. Ipakita ito sa pamamagitan ng maikling dula-dulaan. Pumili ng	Ipakita: Ipakita ang <i>coat of arms</i> ng paaralan, mga organisasyon, korporasyon, barangay, munisipalidad o bayan, at rehiyon. Tala sa guro; Talakayin <i>ang mga simbolo na mayroon sa coat of arms. Itanong kung ano ang pagkakaiba at pagkakapareho ng mga coat of arms na ipinakita.</i>	Tala sa guro: Ang bahaging ito ay gagamitin sa presentasyon at pagbabahagi.

	8. Produktong maipagmamalaki 9. Ibig sabihin ng pangalan ng bayan/lungsod, o lalawigan 10. Kasaysayan Tala sa guro: <i>Tumawag ng mag-aaral na magbahagi ng kanilang mga sagot.</i> Itanong: Ano ang kahalagahan ng mga bagay na tinalakay tungkol sa kasaysayan ng ating bayan/lungsod, lalawigan o rehiyon?	isang miyembro sa grupo upang magbigay ng paglalarawan sa ipinakita sa dula-dulaan.		
Pagkatapos Ituro ang Aralin				
Paglalatap at Paglalahat	Itanong: Bakit mahalagang malaman ang pagkakakilanlan ng inyong bayan/lungsod, lalawigan o rehiyon?	Itanong: 1. Ano ang iyong gagawin upang lalong makilala ang mga natatanging tradisyon, paniniwala o selebrasyon ng iyong bayan/lungsod, lalawigan o rehiyon?	Ipagawa: 1. Ano ang kahalagahan ng <i>coat of arms</i> sa isang komunidad bayan/lungsod, lalawigan o rehiyon? 2. Bakit mahalagang makita sa <i>coat of arms</i> ang kultura at kapaligiran ng isang bayan/lungsod, lalawigan o rehiyon?	Itanong: Ano ang kahalagahan ng ginawa ninyong <i>coat of arms</i>?

Pagtataya ng Natutuhan	Ipagawa: Magbigay ng tatlong halimbawa ng pagkakakilanlan ng inyong bayan/lungsod, lalawigan o rehiyon. Tala sa Guro: Puwedeng ang ipagawa ay bayan/lungsod, lalawigan o rehiyon o lahat nito.	Tala sa guro: Ano-ano ang mga tradisyon, paniniwala, o selebrasyon ng bayan/lungsod, lalawigan o rehiyon na ipinakita sa klase?	Itanong: Ano ang kahulugan ng <i>coat of arms</i> ng inyong bayan/lungsod, lalawigan o rehiyon?	Tala sa guro: Ang paggawa ng <i>coat of arms</i> ang gagamiting pagtataya ng natutuhan.
Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (<i>kung nararapat</i>)			Magpadala ng mga materyales para sa gagawing <i>coat of arms</i> kagaya ng bond paper, lapis, at krayola.	
Mga Tala				
Repleksiyon				

Inihanda ni:

Nirebyu ni:

Pinagtibay ni:

Guro

Master Teacher / Head Teacher

School Head

